

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tomo 5 Blg. 1 • Enero-Pebrero 2017

## Payo ng isang namamayagpag na magsasakang-maggagatas

# Dapat alamin ang 'galaw' ng kalabaw para sa mabuting pamamahala

Ni Mervelyn O. Tomas

Naranasan na niyang magtiyagang maghintay ng tatlong taon upang mapagbuntis ang mga kalabaw na inaalagaan niya. Subali't dahil sa kanyang pagsisikap, isa na siya sa mga matagumpay na magsasakang-maggagatas na inaasistehan ng Philippine Carabao Center (PCC).

Siya si Ludivico Guieb ng Ayos-Lombay, Guimba, Nueva Ecija. Limampu't walong taon na siya ngayon nguni't masigasig pa, at patuloy pang sinisikap na abutin ang higit na matayog niyang pangarap sa pag-aalaga at pagpaparami ng kanyang mga hayop.

"Tatlumpo't isa ang aking kalabaw ngayon. Hindi na maglalaon at matutupad na ang pangarap kong umabot sa 50 ang aking inaalagaan," ani Guieb.

Sa ngayon, sampu sa kanyang mga kalabaw ang buntis. Nakatakda rin siyang bumili ng iba pa.

"Kailangang maintindihan ng magsasaka ang 'galaw' ng kanyang mga alagang kalabaw. Kailangang aralin kung bakit hindi maganda ang pangangatawan, kung bakit

(Sundan sa p.2)



Tatlumpu't isang kalabaw ang makikita sa kural ni Ludivico Guieb, magsasakang-maggagatas sa Ayos-lombay, Guimba, Nueva Ecija. Sampu sa mga kalabaw niya ay buntis at sampu naman ang ginagatasan sa kasalukuyan.

## Dagdag-kaalaman mula sa Farmers' Livestock School, nagpapaangat ng husay ng magsasakang-maggagatas

Ni Ma. Cecilia C. Irang

"Pagsisisihan ko talaga kung hindi ako sumali sa proyektong ito dahil nakatulong ito ng malaki sa'kin. Kahit na may mga personal akong gawain na dapat puntahan, lagi kong inuuna ang schedule namin sa FLS para madagdagan 'yong kaalaman at kakayahan ko sa pag-aalaga ng kalabaw."

Pahayag ito ni Emily Velasco ng Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative (SIPBUPCO) ng San Jose City. Siya'y isa sa 36 na magsasakang-maggagatas na nakapagtapos sa ginanap na "Farmers' Livestock School on Dairy

Buffalo Production (FLS-DBP)" na kauna-unahan sa Pilipinas.

Maliban kay Velasco, nagpahayag din ng kani-kanilang testimonya ang iba pang mga piling kalahok sa nasabing pagsasanay. Ipinahayag ni Florencio Madulid ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) na mula rin sa San Jose City ang mga natutunan niya sa FLS-DBP:

"Pinakakain ko lang dati 'yong mga alaga kong kalabaw ng sakate pero dahil sa FLS, sinasamahan ko na rin ngayon ng dairy concentrates ang pakain ko sa kanila. Dumami

ang naaani kong gatas. Gusto kong pasalamatan lahat ng tao sa likod ng proyektong ito. Kahit hindi ninyo sabihin, ibabahagi ko talaga sa mga kapwa ko maggagatas ang aking mga natutunan."

Ganito naman ang sabi ni Ludivico Guieb ng Ayos Lombay Producers Cooperative (ALPC) sa Guimba, Nueva Ecija na may kasamang panghihimok sa iba:

"Natuto talaga ako sa FLS kung paano ang tamang pag-aalaga sa aking mga kalabaw. Kaya sa aking kapwa nagsipagsanay, magtiwala kayo sa kakayahan ng inyong mga

kalabaw na magbigay ng maraming gatas. Hindi magtatagal, magiging matagumpay tayong lahat sa gawaing ito basta gawin natin lahat ang mga natutunan natin."

Mula naman sa Cinense Dairy Association (CDA), nakangiting sinabi ni Ferdinand Guillermo ang ganito: "Kapag nag-aalaga ka ng gatasang kalabaw, walang masasayang. Kumikita ka na nga sa gatas, kumikita ka pa rin hanggang sa dumi nito."

Kanya pang idinagdag na

(Sundan sa p.3)



## Dapat alamin... (mula sa p.1)

hindi nabubuntis, kung ano pa ang kanilang pangangailangan,” dugtong niya.

Baka raw kinukulang sa nutrisyon, kinukulang sa pakain at tubig na maiinom, baka may sakit, baka kailangang pagandahin ang *Body Condition Score* (BCS), at iba pa.

“Base sa aking karanasan sa pagkakalabawan, hindi balakid sa pag-aani ng maraming gatas ang *breed* ng kalabaw. Murrah, Brazilian, at Italian, pare-pareho lang silang mga gatasang kalabaw,” pagdidiin ni Guieb.

Dugtong pa niya:

“Baka kailangan lamang ang tamang pagkokondisyon sa kalabaw kaya hindi nabubuntis o kaya nama’y kung nanganak na’y may kakulangan pa sa kailangan para dumami ang aning gatas.”

### Tagumpay

“Naranasan ko nang maka-ani ng 13 litro ng gatas sa isang kalabaw sa isang araw,” pagkukuwento ni Guieb.

Sa ngayon, sampu sa kanyang mga kalabaw ang ginagatasan. Malapit nang mag-*dry off* dahil matagal nang ginagatasan kaya’t 47 litro na lang ang nakukuha niya sa mga ito sa ngayon. Dati, malaking dihamak sa *volume* na ito ang kanyang naaani at naipagbibili.

Dahil katabi lang ng kanyang bahay ang Village-based Milk Collection Center (VBMCC) na siya rin ang nag-*donate* ng lupang pinagpatayuan, doon na niya iniimbak muna ang mga ani niyang gatas at gayundin ang mga mula sa mga tulad niyang naggagatasan.

“Kahit wala pa kaming maayos na *advertisement*, sinasadya na kami ng mga tao na ang iba’y mula pa sa malalayong lugar na tulad ng Pangasinan,” aniya.

Ayon sa kanya, nasa 15-20 litro ang binibili ng mga taong nagpupunta sa kanilang *milk collection center* sa araw-araw.

Siya na rin ang nagdadala sa Milka Krem ng PCC ng mga gatas na nakokolekta niya mula sa iba’t ibang magsasakang-maggagatas sa bayan ng Guimba at Talugtug. Sa takdang petsa naman, nagde-deliver siya sa Tarlac City sa kanyang parukyano at may nakatakda ring araw para sa mga kumukuhang parukyano mula sa Maynila.

“Alas tres pa lang ng madaling araw ay gising na kami ng aking maybahay upang simulan ang paggagatas,” sabi niya. “Tinuruan ko na rin ang aking maybahay sa



Si Ludivico Guieb sa harap ng kanyang bahay sa Ayos-lomboy, Guimba, Nueva Ecija.

pag-aalaga at paggagatas upang may gagawa nito kapag wala ako sa amin”.

Mayroon siyang mga katulong sa iba’t ibang gawain, pero, aniya, hindi dapat iasang lubusan sa kanila ang mga gawain.

Ang kanyang mga ginagatang kalabaw ay nakakulong sa kanyang tabing-bahay. Sa kanyang malakilaki na rin namang bukid na nasa dikalayuan sa kanyang bahay, naroroon ang higit na malaking kural para sa iba niyang alagang kalabaw at iba pang mga hayop na tulad ng baka, kambing, tupa, at *native* na baboy.

### Nagtapos ng kolehiyo

Ikinuwento ni Guieb na sadyang hilig niya ang paghahayupan. Siya’y nagtapos ng animal science sa isang kolehiyo sa Cabanatuan City.

Pero sa simula pa lang ay ayaw niyang mamasukan bagama’t maraming nag-aalok sa kanya ng trabaho sa opisina, sa pagiging isang guro at maging sa pangingibang bansa.

Sa simula ay nag-alaga siya ng mga manok at iba pang mga maliliit na hayop. Nang mag-asawa siya, naalala niya ang sabi ng isa sa kanyang mga propesor noon.

“Mag-alaga lang kayo ng isang baka para sa ipinagbubuntis ng inyong asawa at maitataguyod na nito ang kanyang pag-aaral,” sabi raw ng propesor.

Tama ang sinabi ng kanyang

propesor, aniya. Ang kanyang tatlong anak, sa kanilang paglaki at pag-aaral, ay natustusan ng alaga niyang mga baka. Umabot pa nga sa tigdadalawampu ang dami ng baka na naipangalan sa tatlo niyang mga anak na pawang nagsipagtapos ng kanyakanyang kurso sa kolehiyo.

Dahil naghahanap talaga siya ng mga hayop na maaaring alagaan, nakilala ni Guieb ang Philippine Carabao Center (PCC). Dati pa ay may mga naitatag na siyang kooperatiba ng mga magsasakang nag-aalaga ng baka at gayundin ng kambing. Sa pakikipag-ugnayan niya sa PCC, ang kooperatiba ay naging “Ayo-Lomboy Dairy Producers Cooperative” na ang mga miyembro na ay mga magsasakang-maggagatas.

Siya pa rin ang nagpatuloy na maging chairman ng kooperatibang ito na sa simula’y 25 ang miyembro nguni’t walo lamang ang nagpatuloy.

Dahil medyo nagtagal ang pagbubuntis ng mga kalabaw na naibigay sa mga miyembro, na naging dahilan para isaisip ng iba na isauli sa PCC ang inaalaan, ipinasya niyang siya muna ang mag-aalaga ng mga ito. Ipinangako naman niyang ibabalik ito sa mga nanghinawang mga miyembro kung sakali’t ipasya nilang bawiin ang mga ito.

Naging lima ang kanyang inalagaan na hindi na binawi sa kanya.

“Nanghiram ako ng bulugan sa PCC upang mapagbuntis ko ang mga

kalabaw. Tatlong taon ang hinintay ko bago nabuntis ang mga ito,” kuwento ni Guieb.

### Pagpapalawig pa ng pangarap

“Hindi ko pa iniisip ang maghinto sa pagtatrabaho at pagpapalawak ng aking mga gawain,” sabi ni Guieb. “Tingnan ninyo, heto ang katunayan,” dugtong niya.

Kanyang ipinakita ang isang malapit nang mayaring malaking kural na puwedeng maglulan ng 50 kalabaw. Kanya ring itinuro ang papalawak pa niyang taniman ng pakaing damo at ang imbakan ng mga giniikan.

“Mga ilang buwan na lang ito at yari na,” aniya. “Talagang gusto kong maparami pa ang aking mga alagang kalabaw,” sambit ni Guieb.

Kasama rin sa kanyang plano ang paglalagay ng isang *processing area* para sa produksiyon ng mga produkto mula sa gatas ng kalabaw. Gayundin ang paglalagay ng isang marketing outlet.

“Para lumaki ang kita ng aming kooperatiba,” paliwanag niya.

Ayon sa kanya, mapagtitiyagaan ng isang tao ang isang gawain, gaano man ito kahirap, basta’t talagang gusto niya itong gawin.

“Kung may pinapangarap ka, gagawa ka ng paraan, tututukan mo ito, at ikasisiya ng loob mo na makita itong nangyayari at nagiging matagumpay,” sabi ni Guieb. ●



## Dagdag kaalaman... (mula sa p.1)

malaking kaalaman sa kanya na matutuhan niya ang iba pang pakain bukod sa iba't-ibang klase ng damo na hindi naman magastos.

Pagkatapos magbigay ng testimonya ng mga piling kalahok, kinilala rin sa pagdiriwang ang mga magsasakang-maggagatas na nagpamalas ng angking galing sa kanilang mga gawain.

Ayon kay Rovelyn Jacang, PCC *Science Research Specialist II* at isa sa mga *project staff*, naging basehan para sa pagpili ng pinakamahuhusay na magsasakang maggagatas ang mga sumusunod: pag-apply at pagsunod sa mga teknolohiyang itinuro sa talakayan (50%), pagsusulit (20%), aktibong pakikilahok sa klase (20%), at hindi pagliban sa klase (10%).

Para sa mga kalahok mula sa San Jose, kinilala bilang "Gold Farmer" si Moises Alfonso, "Silver Farmer" si Gilbert Daduyo, at "Bronze Farmer" si Jessie Villanueva. Silang lahat ay mga miyembro ng EPMPC.

Para naman sa mga kalahok mula sa Guimba-Talugtug, si Ludivico Guieb ng ALPC ang kinilala bilang "Gold Farmer" at sina Ferdinand Guillermo at Edmar Lagliva ng CDA ang nakakuha ng "Silver and Bronze Farmers" sa gayong pagkakasunod-sunod.

Nakakuha naman ng natatanging parangal sina Rogelio Peñaflor, Emily Velasco, Romeo Venturina, Jimuel Grospe, Ferdinand Guillermo, Onofre Dayag, Lee-Ar De Vera, at Edmar Lagliva dahil sa kanilang

aktibong partisipasyon sa bawa't talakayan sa FLS.

Ayon kay Dr. Eric Palacpac, *project leader*, layunin ng FLS-DBP na makapag-debelop ng *extension modalities* para kumpletong maihatid ang mga kasudlong na serbisyo at mapatibay pa ang *technology adoption* (pagtangkilik sa teknolohiya) sa mga magsasakang-maggagatas sa kanayunan.

"Itong araw na ito ay patunay na mayroon na tayo kahit papaanong *output* na maipagmamalaki. Inaasahan namin na i-apply ninyo ang mga natutunan niyo sa FLS dahil kung hindi ay magiging balewala ang proyektong ito," ani Dr. Palacpac.

Ang seremonya ng pagtatapos sa FLS-DBP ay ginanap kamakailan sa *city hall* ng San Jose City.

Ito ay binuo ng 29 na magsasakang-maggagatas mula sa San Jose City at pito naman mula sa Guimba-Talugtug.

Sa seremonya ng pagtatapos ng pagsasanay, dumalo sina Dr. Felomino Mamuad, PCC *deputy executive director*; Dr. Ruth Micalat-Sonaco, *center director* ng International Training Center on Pig Husbandry at *focal person* ng Agricultural Training Institute sa livestock; Alexander Bautista, *city administrator* ng San Jose City; at Ms. Anna Marie Alo, *supervising science research specialist* ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research



Isa si Moises Alfonso (gitna) sa mga kinilala bilang "Gold Farmer" sa FLS graduation.

Development (PCAARRD).

Naroon din ang FLS *project staff* na binubuo nina Jacang at Erwin Valiente, PCC *Science Research Specialist II*; at FLS-DBP *facilitators* na sina Estella Valiente, PCC *Science Research Specialist II*; Daniel De Vera, *agricultural technologist*; Allan Dayag ng CDA; Teody Nieva ng Guiset Organic Farmers Credit Cooperative; Lumicio Magtalas ng San Rafael Dairy Producers Cooperative; Melchor Correa at Eliseo Mislang ng EPMPC; Freddie Carlos ng SIPBUPCO; Ma. Theresa Sawit, PCC *Senior Science Research Specialist*; at Gina Tuquero.

Ang 34 na linggong proyekto ay isinagawa tuwing Biyernes ng mga kalahok mula sa San Jose at tuwing Miyerkules naman yaong mula sa Guimba-Talugtug. Sila ay ginabayan ng mga *accredited FLS-DBP facilitators*.

Sinabi ni Dr. Palacpac na mayroon ding kahalintulad na pagsasanay ng FLS-DBP sa Ilocos Norte. Ang nasabing pagsasanay ay matatapos ngayong Marso.

"Inaasahang mauulit ang ganitong pagsasanay sa iba pang bahagi ng *impact zone* ng PCC at tiyak na mas marami pang magsasaka ang makikinabang." ●



Dalawampu't siyam na magsasakang-maggagatas ang nagtapos sa Farmers' Livestock School on Dairy Buffalo Production noong February 10, 2017.



# Kawing-kawing na balakid, nagawang hakdawan ng isang magsasaka para sa 'tiningalang swerte'

Ni Mervalyn O. Tomas



Si Allan Dayag, isang magsasakang-maggagatas na inaasisthan ng PCC, sa kanyang bukid sa Cinense, Talugtog, Nueva Ecija.

Tuyot ang mga damo sa kabukiran kapag tag-araw sa kalakhang bahagi sa barangay Cinense, Talugtog, Nueva Ecija dahil sa kawalan ng patubig. Nguni't naroroon sa balung-balung at sa lilim ng punong mangga ang mga gatasang-kalabaw ni Allan Dayag.

Malalaki, malulusog, walang palatandaan ng pagkagutom o pagkauhaw at pinakikinabangan.

Sampo ang mga *purebred* na gatasang kalabaw ni Dayag.

"Kung hindi buo ang loob mo, talagang *su-surrender* ka sa pagkakalabawan kapag naririto ka sa lugar na katulad nitong lugar ko," ani Dayag.

Tumaas-bumaba ang ayos ng mga bukirin sa lugar na iyon. May isang *water impounding facility* o ipunan ng tubig-ulan pero sa katag-arawang tulad ngayon, tuyot na ito.

"Nasasaka lang ito kapag tag-ulan," sabi ni Dayag ukol sa kanyang dalawang ektaryang lupa.

May ilang bahayan sa pinagsisinupan ni Dayag ng kanyang mga kalabaw. Pero wala sa mga ilang bahay na iyon ang bahay ni Dayag at kanyang pamilya. Kulang sa isang kilometro pa ang lalakbayin para marating ang kanyang mga kalabaw.

"Talagang lubos na pagtitiyaga at pagmamaspag ang kailangan

ko sa ganitong kalagayan dito para matustusan ko ang pagkain at maiinom ng aking mga alaga," aniya.

Sa umaga, pagkatapos niyang gumatas at maipagbili ang gatas, sakay ng kanyang kolong-kolong ay nagtutungo na siya sa malalayong mga bukirin o gilid ng sapa na kung saan naroroon ang mga sariwang damo at doon siya matiyagang nagsasakate.

Sa di naman kalayuan sa kanyang kural, may isang komunal namang bomba ng tubig at doon siya umiigib ng painom at pampaligo sa kanyang mga alagang kalabaw.

"Mahirap nga, lubhang mahirap na gawain. Pero kailangang talagang magsipag para mabuhay at umasenso sa buhay," buong giting na sabi ni Dayag.

## Paglisian sa lunsod

"Matagal din ako sa Maynila. Doon ako namalagi sa pagtatrabaho sa isang kumpanya," pagsasalaysay ni Dayag.

Maganda naman ang kanyang kita, anya, at nakapagpapadala rin ng pera sa mga magulang sa nayong nilakhan sa Barangay Cinense.

Sa Maynila na rin niya nakilala at napusuan ang isang taga-Visayas na sa kalaunan ay kanyang naging maybahay. Nagtatrabaho rin noon sa Maynila ang kanyang maybahay at sila'y

nangungupahan sa isang bahay.

Nguni't Maynila na ang kanilang kinaroroonan, na halos lahat na ng kinikita'y sa mga gastusin lang sa pang-araw-araw na buhay, minarapat na lang niya, sa pagpayag na rin ng kanyang maybahay, na umuwi sa Barangay Cinense.

Noong taong 2006, binigyan siya ng kanyang kuya Onofre ng isang kalabaw na aalagaan. Paliwanag niya, dalawa ang kalabaw ng kanyang kuya. May kalabaw siya na regalo ng ate niya na nasa Singapore at ang isa naman ay galing sa Philippine Carabao Center (PCC).

Ang kalabaw na bigay ng Ate niya ang siyang ibinigay naman ng Kuya niya sa kanya.

Salaysay pa niya, habang hindi pa nanganganak ang kalabaw na pinaalagaan sa kanya, nakisosyo siya sa pag-aalaga sa kalabaw ng kanyang Kuya na ginagatasan na noon.

Pagkalipas ng dalawang taon, nanganak ang kanyang kalabaw. Noon na siya humiwalay sa pagbakas sa pag-aalaga at pag-aani ng gatas ng kalabaw ng kanyang Kuya. Noon na unti-unting umangat ang kanyang gawaing pagkakalabawan.

## Pagharap sa mga hamon

Pero sa lugar nga nilang iyon, hindi naging madali ang pag-aalaga sa kanyang kalabaw. Hindi nga tulad sa ibang lugar na akma sa pagkakalabawan ang kanilang lugar.

Dagdag sa naging hamon niya sa pag-aalaga ng kalabaw, na kahirapan nga sa pagkuha ng pakain at pagbigay ng bastanteng tubig sa kanyang alaga, ay ang hindi agad pagbubuntis ng kanyang kalabaw. Pero nalampasan din niya ang problemang ito.

At, sa pakikipag-ugnayan sa PCC, sa tulong ng kanilang kooperatiba, nabigyan siya ng isang kalabaw noong 2010. Hindi gaya ng nauna niyang kalabaw, nagbuntis ito pero nasagupa ng kamalasan. Nakunan ito.

Kinailangan pa niyang maghintay ng isang taon pa ulit bago ito nagbuntis at maluwalating nakapanganak.

Doon na nagsimula ang unti-unting pagdami ng kanyang kalabaw at pagbuti kaysa karaniwan ng kanyang buhay at sariling pamilya. Sa pamamantubay ng mga tauhan ng PCC, na nasubaybayan ang kanyang munting pagsisimula,

pagtitiyaga, pagtitiis, at matinding determinasyon, siya'y sinanay na maging isang *facilitator* ng Farmers' Livestock School (FLS).

"Dahil sa gatas ng kalabaw, nakabili ako ng kapiyasong lupa na pinagtayuan ko ng bahay," sabi ni Dayag.

Nakabili rin siya ng isang motorsiklo na nilagyan niya ng "kolong-kolong". Ngayon, nakagayak na siya sa pagtatayo ng isang kural na kung saan doon niya pagsasama-samahin at paramihin pa ang kanyang mga kalabaw.

Sa isang pagbabalik-tanaw, nabanggit niya:

"May isang kalabaw na ibabalik sana ng isa naming kasamahan (sa kooperatiba) dahil nananadyak daw. Kinuha ko muna at tinuruan. Sa akin na ipinagkatiwala ito at tuwang-tuwa ako dahil sa unang panganganak nito'y nakapag-ani ako ng pito hanggang walong litrong gatas kada araw."

Sabi nga ng nakaalam ng kanyang kuwento sa pagkakalabawan, kung may isang magsasakang-maggagatas na talagang maituturing na nagtataglay ng wagas na sipag, pagtitiis, at determinasyon para maabot ang pangarap wala nang iba pa - si Allan Dayag iyon.

## Tagumpay

Sa ngayon, sampung kalabaw na ang inaalagaan ni Dayag. Lima dito ay inahin at dalawa ang ginagatasan niya sa kasalukuyan. Umaani siya ng walong litrong gatas kada araw galing sa dalawang ginagatasan niyang kalabaw.

"Dahil sa gatasang kalabaw, nakapagpagawa ako ng maayos na bahay at nakabili na rin ako ng motorsiklo na ginagamit din namin sa paghakot ng pakain sa kalabaw," kwento niya.

Ayon sa kanya, sa tagal niyang nag-aalaga ng kalabaw, kabisado na niya ito kaya hindi na niya kailangang tantyahin ang mga kailangan niyang gawin.

"Sinusunod ko lang ang mga itinuturo ng PCC sa amin sa FLS," saad niya.

Sabi pa niya, nakatutok na siya sa pagkakalabawan dahil naranasan niya ang pag-unlad sa buhay dahil dito.

"Mayroong kasiguraduhan sa pagkakalabawan. Nakita ko na paangat nang paangat ang aming kabuhayan dahil sa gatasang kalabaw," sabi ni Dayag. ●

# NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center, isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Department of Agriculture  
**PHILIPPINE CARABAO CENTER**  
CERTIFIED: ISO 9001 ISO 14001 OHSAS 18001

**Eric P. Palacpac**

Patnugot

**Ma. Cecilia C. Irang**

Tagapamahalang Patnugot

**Ma. Cecilia C. Irang**

**Mervalyn O. Tomas**

Mga Manunulat

**Mervalyn O. Tomas**

Layout

**Chrissalyn L. Marcelo**

Tagapamahala ng Sirkulasyon

**Eric P. Palacpac**

**Wilma T. del Rosario**

Mga Tagapayo

**Anselmo S. Roque**

Kasangguni

**Arnel N. Del Barrio**

Pinunong Tagapagpaganap